BAY AREA AIR QUALITY MANAGEMENT DISTRICT

# NEWS RELEASE

baaqmd.gov

**PARA SA AGARANG PAGPAPAHAYAG:** Abril 4, 2024
**MAKIPAG-UGNAYAN SA:** communications@baaqmd.gov

# Distrito ng Hangin, pinagmumulta ang Landfill ng Lungsod ng Berkeley para sa mga paglabag sa kalidad ng hangin

**SAN FRANCISCO –** Inanunsyo ng Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area ngayong araw na pinagmulta nito ang Lungsod ng Berkeley ng $130,000 para sa mga paglabag sa kalidad ng hangin na nangyari sa landfill nito sa Cesar Chavez Park sa Berkeley mula 2019 - 2022.

Ang $130,000 na penalty ay para sa pitong paglabag sa kabuuan, kung saan anim ang para sa pagpalya sa sistema sa pangongolekta ng gas ng landfill, at isa para sa hindi pagsusumite sa mga resulta ng pagsusuri ng emisyon.

“Mahalagang mapigilan ang pagpunta sa hangin ng mga mapaminsalang gas mula sa landfill para sa kalusugan ng komunidad at klima,” sabi ni Dr. Philip Fine, ang tagapagpaganap na opisyal ng Distrito ng Hangin. “Titiyakin ng Distrito ng Hangin na matutugunan ng Landfill ng Lungsod ng Berkeley sa obligasyon nitong maprotektahan ang kalidad ng hangin at masunod ang lahat ng regulasyon sa kalidad ng hangin.”

Sa sistema sa pangongolekta ng gas ng landfill, ine-extract ang methane at iba pang gas mula sa decomposition ng mga organic material at idinadaan ang mga ito sa pamamagitan ng isang sistema ng mga balon at tubo sa isang flare, na sinusunog sa mga gas bago pumasok sa atmosphere o magdulot ng mga odor ang mga ito.

Ang mga problema sa sistema sa pangongolekta ng gas ay dahil sa kakulangan ng backup na kuryente sa landfill kapag brownout. Tumatagal ito nang dalawang oras hanggang apat at kalahating araw.

Bukod sa mga paglabag na ito, noong Pebrero 16, 2024, inatasan ng Lupon sa Pagdinig ng Distrito ng Hangin ang Landfill ng Lungsod ng Berkeley na ayusin ang ilang iba pang problema sa sistema sa pangongolekta ng gas ng landfill, pati ang pag-aayos sa mga balon para sa pangongolekta ng gas, pag-upgrade sa mga procedure sa pag-iinspeksyon at pagsubaybay, pagsasagawa ng pag-aaral gamit ang drone para maghanap ng mga gas leak, at pagsusuri kung tumatagas ang gas mula sa landfill sa ibang lugar.

Ang Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area ay ang panrehiyong ahensiyang responsable para sa pagprotekta sa kalidad ng hangin sa siyam-na-county ng Bay Area. Makipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng X/Twitter, Facebook, Instagram at YouTube.

# # #